



---

## INILABAS NA BALITA

**ILALABAS KAAGAD:** Disyembre 18, 2018

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Aaron Richardson - 415.749.4900

### **Matatapos na ang panahon ng may pahintulot na pagsusunog para sa mga pagsusunog ng dayami**

**SAN FRANCISCO** - Inaanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District, BAAQMD) na matatapos ang panahon ng may pahintulot na pagsusunog para sa mga pagsusunog ng dayami sa Bay Area sa Lunes, Disyembre 31, 2018.

***Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi magdedeklara ng mga araw ng pinahihintulutang pagsunog kapag pinairal ang Alerto na Iligtas ang Hangin sa Taglamig o kung ang rehiyon ay nakakaranas ng malaking epekto ng usok mula sa mga apoy sa gubat.***

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad ng hangin. Ang ilang pagsunog para sa mga layunin na pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog at ang pag-iwas ng mga panganib ng sunog bukod sa iba pang layunin, ay pinapayagan kapag kanais-nais ang mga kondisyon ng panahon para sa pagkalat ng usok, karamihan sa mga ito ay sa panahon ng mga tinukoy na panahon sa buong taon. Bawat araw ng taon ay itinatalaga bilang araw ng PAGESUNOG o HINDI MAAARING MAGSUNOG at ang mga pinahihintulutang sunog ay maaari lang isagawa sa mga itinatag na panahon ng pagsunog sa isang itinalagang araw ng PAGESUNOG.

Ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog ay naaangkop sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kabilang ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog kanlurang Solano at katimugang mga county ng Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: [www.baaqmd.gov/rules](http://www.baaqmd.gov/rules). Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa walang bayad na numero ng Air District sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

---

Opisina ng Mga Pakikipag-ugnayan ng Air District  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Paqlalabas ng Balita](#)